State of California—Health and Human Services Agency
Department of Developmental Services
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

PETE CERVINKA
ACTING DIRECTOR

GAVIN NEWSOM
GOVERNOR

Oktubre 21, 2024 G-2024-Coordinated Family Supports-001-TAG

SA: EHEKUTIBONG MGA DIREKTOR NG SENTRO NG REHIYON

PAKSA: MGA SERBISYONG SUPPORTA SA PAMILYA: MGA PAGBABAGO SA PROGRAMA

Ang liham na ito ay sumusunod sa mga liham ng Department of Developmental Services (Departmento) noong Enero 27, 2023 at Marso 6, 2024, at nagbibigay ng mga pagbabago sa Pilot Program ng Coordinated Family Supports (CFS). Binago ng liham na ito ang proseso para sa mga tagapagbigay ng CFS na naghahanap ng mga eksepsiyon sa pinakamababang kwalipikasyon, binabago ang parehong kinakailangan sa pamamahagi ng Konsumer/Bagay na Nagbibigay ng Kasiyahan sa Pamilya at ang Pag-uulat ng Sentro ng Rehiyon kada iktlong na buwan, at binago ang Mga Kinakailangan sa Pag-uulat ng Bayad sa Pagpapatupad ng Vendor. Hindi binabago ng liham na ito ang gabay ng CFS na ibinigay noong Abril 19, 2023 o Nobyembre 22, 2023.

Mga Vendors ng CFS na Naghahanap ng Mga Pagbubukod sa Pinakamababang Kwalipikasyon

Ang liham ng Enero 27, 2023, sa seksyong "Paglalarawan at Mga Rata ng Serbisyo ng CFS", ay tumutukoy sa proseso para sa mga vendor ng CFS na humihiling ng pagbubukod sa mga pinakamababang kwalipikasyon sa pamamagitan ng sentrong pangrehiyon para sa pagsasaalang-alang ng Departamento. Para sa paglilinaw, kung ang isang vendor ng CFS ay nakatanggap ng pagtanggi sa isang kahilingan sa pagbubukod at piniling iapela ang pagtanggi na iyon, ang vendor ng CFS ay dapat sundin ang proseso ng apela sa vendorization alinsunod sa Kodigo ng Regulasyon ng California, Titulo 17 Seksyon 54380.

Kagamitan sa Kasiyahan ng Konsumer/Pamilya

Ang liham noong Enero 27, 2023 ay nangangailangan din ng koordinator ng serbisyo ng sentro ng rehiyon na ipamahagi ang palatanungan ng karanasan sa loob ng 30 araw mula sa pagpasok ng isang indibidwal sa CFS. Ang pangangailangan para sa mga sentrong pangrehiyon na ipamahagi ang talatanungan ngayon ay tinanggal. Direktang makikipag-ugnayan ang Departamento sa mga indibidwal, at kapag naaangkop sa kanilang mga pamilya, upang makakuha ng feedback sa mga serbisyong natanggap sa pamamagitan ng CFS.

Kagamitan sa Pag-uulat ng kada Ikatlong Buwan sa Sentro ng Rehiyon
Ang sulat noong Enero 27, 2023 ay nag-aatas sa mga sentrong pangrehiyon na magsumite kada ikatlong buwan na ulat sa Departamento tungkol sa pagpapatupad ng CFS Services Pilot Program. Itong pangangailangn sa pag-uulat kada ilatlong buwan ay tinanggal na ngayon, at ang Departamento ay direktang makikipag-ugnay sa mga sentro ng rehiyon para makakuha ng feedback sa mga serbisyong ibinigay.

Mga Kinakailangan sa Pag-uulat ng Pagbabayad ng Insentibo sa Pagpapatupad
Ang sulat noong Marso 6, 2024 ay nagbigay ng impormasyon tungkol sa pagbabayad ng insentibo sa pagpapatupad ng CFS. Ang mga vendor ng CFS ay dapat magsumite ng isang nakumpletong standardized na ulat tungkol sa pagpapatupad ng mga serbisyo ng CFS sa katapusan ng buwan kasunod ng buwan kung saan natanggap ang bayad. Ang mga tanong sa kagamitan sa pag-uulat ay binago upang isama ang mga mas mahalagang hakbang patungkol sa recruitment, pagsasanay, demograpiko, mga timeline ng proseso at iba pang mga paksa. Ibibigay ng Departamento ang nabago na link para sa kagamitan sa pag-uulat na ito sa pangunahin at pangalawang punto ng pakikipag-ugnayan ng bawat sentrong pangrehiyon. Dapat ibigay ng sentro ng rehiyon ang nabago na link sa kanilang mga vendor ng CFS sa loob ng 14 na araw ng sulat na ito, at dapat simulan ng mga Tagapagkaloob ng CFS ang paggamit ng bagong link simula sa Disyembre 2024 para sa pagbabayad na natanggap sa Nobyembre 2024 at nagpapatuloy. Ang lahat ng iba pang aspeto ng kagamitan sa pag-uulat at proseso para sa pagsusumite sa Departamento ay nananatiling pareho.

Ang mga vendor na may mga katanungan ay dapat makipag-ugnay sa kanilang sentrong pangrehiyon. Ang mga sentrong pangrehiyon na may mga katanungan ay dapat mag-email sa CFS@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Orihinal na nilagdaan ni:

VICKI L. SMITH, Ph.D.
Deputadong Direktor
Dibisyon sa Pagpapaunlad ng Patakaran at Programa

cc: Mga Administrador ng Sentro ng Rehiyon
Mga Direktor ng Sentro ng Rehiyon ng Mga Serbisyo sa Mamimili
Mga Direktor ng Serbisyong Pangkomunidad ng Sentro ng Rehiyon
Kapisanan ng mga Ahensya ng Sentro ng Rehiyon
Pete Cervinka, Department of Developmental Services
Michi Gates, Department of Developmental Services
Carla Castañeda, Department of Developmental Services
Jim Knight, Department of Developmental Services
Ernie Cruz, Department of Developmental Services